



Abril 14, 2020

Mahal na Mga Magulang at Mga Tagapangalaga,

Habang pumapasok tayo sa ikalawang linggo ng malayuang pag-aaral sa Lupon ng Paaralang Distrito ng Toronto (Toronto District School Board), nais kong pasalamatang ang inyong pakikipagtulungan at pasensya habang tinutulungan natin ang paglipat mula sa harap-harapang pag-aaral para sa malayuang pag-aaral ng mga mag-aaral at tagapagturo.

Marami sa inyo ang malamang na narinig na inihayag ngayon ni Premier Doug Ford na ang mga mag-aaral ay hindi na magbabalik sa paaralan sa Mayo 4 tulad ng dating ipinahiwatig. Siya ay nagbigay diin na hindi ito nangangahulugan na kanselado ang taon ng paaralan at ang Ministro ng Edukasyon ay magbibigay ng karagdagang mga detalye sa mga darating na araw. Sa lalong madaling panahon na malaman namin nang mahigit pa at may mga detalye upang maibahagi, gagawin namin ito.

Alam naming maraming mga katanungan ang mga pamilya at humaharap sa maraming mga hamon ngayon at nais ng aming kawani na maging suportado hangga't maaari. Bilang isang resulta, ang mga tagapagturo ay kumokonekta sa mga pamilya sa iba't ibang mga paraan, tulad ng isang platapormang software tulad ng Google Classroom o Brightspace, o sa pamamagitan ng email, telepono o kahit direktang koreo.

Habang pinagtulungan natin ang prosesong ito nang nakaraang dalawang linggo, kami ay nakatanggap ng mahalagang puna mula sa mga mag-aaral, mga pamilya at kawani. Ang mga mungkahi na ibinigay at mga pag-aalala na inihayag ay magkakaiba-iba. Upang matulungan ang aming tugon, mayroon kaming limang mga alituntunin upang gabayan ang aming gawain habang sumusulong tayo:

1. Unahin ang kalusugan at kapakanan ng lahat.
2. Magpokus sa pagpapatuloy ng pag-aaral sa iba't ibang mga paraan.
3. Panatilihin ang mga pagkikipag-ugnayan at koneksyon sa isa't isa.
4. Pakikipag-ugnayan sa lahat ng mga mag-aaral, lalo na sa mga may kasaysayan na hindi binibigyang-halaga at ang mga maaaring hindi makilahok ng epektibo sa malayuang pag-aaral dahil sa iba't ibang mga kadahilanan.
5. Bumuo ng kapasidad ng mga kawani upang maging epektibo sa malayuang puwang na ito.

Mangyaring alamin na nakatuon kami na makabigay sa bawat mag-aaral ng isang pagkakataon upang magpatuloy na matuto nang malayo at ligtas sa bahay. Sinusuportahan din namin ang aming kawani na nagmamalasakit upang mapaglingkuran ang inyong mga anak sa pinaka-epektibong mga paraan na posible sa malayuang pag-aaral na kapaligiran. Tulad ng dati, patuloy naming pananatilihin kayo sa mga pagbabago habang tayo ay nagpapatuloy. Sa ibaba ay makikita ninyo ang impormasyon tungkol sa:





- Kaligtasan sa Online para sa mga Mag-aaral
- Pamamahagi ng Mga Aparato
- Mga Field Trip, Pagtatapos at Mga Ibang Kaganapan
- Pakikipag-ugnay sa Kawani tungkol sa Mga Katanungan o Mga Alalahanin
- Mga Plataporma ng Online ng Pag-aaral
- Pagtatasa sa Mag-aaral
- Mga Mapagkukunan sa Pangkaisipang Kalusugan

Kaligtasan sa Online para sa Mga Mag-aaral

Sa panahong ito kapag maraming mga mag-aaral ang gumugol ng mas maraming oras sa online, hindi kapani-paniwalang mahalaga na palakasin ang mga kasanayan sa kaligtasan sa online. Nag-aalok ang internet ng maraming mga pagkakataon para matuto at kumonekta ang ating mga komunidad, nguni't maaari rin itong ilagay sa peligro ang mga kabataan para sa cyberbullying (online na pananakot), hindi naaangkop na paggamit ng social media, mga isyu sa pagkapribado at iba pa. Sa ibaba ay makikita ninyo ang impormasyon upang matulungan ang pagsuporta sa mga talakayan tungkol sa kaligtasan sa online kasama ng iyong pamilya. Kung nagtutulungan tayo - mga magulang/tagapag-alaga, mga mag-aaral at tagapagturo - makakatulong tayo na mapanatiling ligtas ang ating mga mag-aaral mula sa mga panganib sa online.

Narito ang ilang mga pangunahing tip sa kaligtasan sa online para sa mga magulang/tagapag-alaga at mga mag-aaral:

- Ang mga mag-aaral ay hindi dapat magbahagi ng personal na impormasyon, tulad ng kanilang numero ng telepono, adres, numero ng seguro sa lipunan (social insurance number), petsa ng kapanganakan, personal na mga imahe o impormasyon sa pananalapi, sa Internet nang walang pahintulot ng adulto;
- Kung ang mga mag-aaral ay nakakita ng isang mensahe, komento, imahe, o anumang bagay sa online na nag-aaalala sila para sa kanilang personal na kaligtasan o hindi komportable ang pakiramdam, dapat nilang dalhin ito kaagad sa pansin ng isang adulto; at
- Ang mga magulang/tagapag-alaga ay dapat magkaroon ng kamalayan at subaybayan ang mga website, mga palaro sa video at apps na ginagamit ng inyong anak upang matiyak na naaangkop sila at ginagamit sa ligtas na paraan.

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring bisitahin ang [TDSB Online Safety web page](#).

Mga Plataporma sa Online ng Pag-aaral at Konperensya sa Web

Ang TDSB ay nagbibigay sa mga guro ng mga pagpipilian para sa mga online na plataporma ng pag-aaral at pagkumperensya sa video upang kumonekta sa mga mag-aaral nang malayuan. Ito ang desisyon ng mga indibidwal na tagapagturo kung anong (mga) plataporma ang gagamitin at kung paano ang pinakamahusay na makikisali ang mga mag-aaral at pamilya, batay sa kanilang sariling antas na kaalaman at kaginhawahan pati na rin ang pagsasaalang-alang sa mga kalagayan ng mag-aaral at pamilya. Mahalaga para sa mga mag-aaral at pamilya na alalahanin



na ang malayuang pag-aaral para sa bawa't klase ay magkakaiba at nakabatay sa propesyonal na pagpapasiya ng guro.

Malugod na tinatanggap ang mga tagapagturo na gumamit ng pagkumperensiya sa video nguni't hindi kinakailangan na gawin ito. Ang ating karaniwang layunin ay makisali ang lahat ng mga mag-aaral. Magagawa ito sa maraming iba't ibang mga paraan at paggamit ng iba't ibang mga estratehiya at mga online na kagamitan. Inaasahan namin na ang mga guro at itinalagang mga tagapagturo ng maagang pagkabata sa Kindergarten ay magkakaroon ng paraan ng regular na pakikipag-ugnayan sa lahat ng kanilang mga mag-aaral upang matiyak na makakakuha ng mga mag-aaral ang mga gawain at mga mapagkukunan ng pag-aaral, suriin ang kapakanan ng mga mag-aaral at magbigay ng katugunan sa mga mag-aaral. .

Kinikilala namin na ang mga pamilyang may mga mag-aaral na may mga espesyal na pangangailangan sa edukasyon o Mag-aaral ng Wikang Ingles (English Language Learners) ay maaaring mangailangan ng partikular na pag-aasikaso upang suportahan ang mga natatanging pangangailangan sa pag-aaral. Ang pagsuporta sa lahat ng ating magkakaibang mga mag-aaral sa TDSB ay isang prayoridad at ang mga guro at mga kawani ng ESL/ELL ay patuloy na nakikipagtulungan sa ibang mga kawani ng paaralan upang gawing pansarili ang pagprograma ng mag-aaral batay sa mga partikular na lakas at pangangailangan na nakabalangkas sa IEP para sa mga mag-aaral na may mga espesyal na pangangailangan sa edukasyon na kumukuha ng Kurikulum ng Ontario o ang Alternatibong Kurikulum o ang mga Mag-aaral ng Wikang Ingles. Hinihikayat ang mga pamilya na bisitahin ang [Special Education Resources \(Mga Mapagkukunan para sa Espesyal na Edukasyon\)](#) o ang pahinang [ESL Resources \(Mga Mapagkukunan para sa ESL\)](#) upang magamit ang mga mapagkukunan at mga suplementong kagamitan upang suportahan ang pag-aaral.

Pamamahagi ng Aparato sa Mga Mag-aaral

Upang suportahan ang mga mag-aaral na nangangailangan ng isang aparato upang magamit ang malayuang pag-aaral, gumawa kami ng mga kaayusan sa mga aparatong pautang sa mga mag-aaral. Katulad ng maaaring ipalagay mo, kami ay nakatanggap ng napakaraming bilang ng mga kahilingan - humigit-kumulang 29,000 mga pamilya ang nangangailangan ng mga aparato - nguni't ang mga kawani ay nagtatrabaho sa araw at gabi upang maghanda at ipamahagi ang mga aparatong ito sa lalong madaling panahon. Kami ay nagpasya na ihatid nang direktso ang mga aparato sa mga tahanan ng ating mga mag-aaral upang matiyak na ang mga pamilya ay maaaring manatiling ligtas sa bahay. Ang opsyon na ito ay aabutin ng mas maraming oras, nguni't ang kaligtasan ng ating mga komunidad ay ating pangunahing prayoridad. Kung ang inyong anak ay tumatanggap ng isang aparato, susuportahan namin ang mga pamilya na may mga teknikal na isyu. Isinasama namin ang impormasyong ito sa paghahatid ng aparato. Ang mga mag-aaral ay maaari ring kumonekta sa kanilang mga guro upang mag-ulat ng mga problema sa aparato.

Nais din naming matiyak na ang mga mag-aaral na may mga espesyal na pangangailangan sa edukasyon ay makakakuha ng Espesyal na Edukasyon na Halaga [Special Education Amount (SEA)] na kagamitan upang suportahan ang malayuang pag-aaral. Ang mga pamilya at mga





paaralan ay makikipagtulungan sa pangkat ng Espesyal na Edukasyon ng SEA, ang pangkat ng OT/PT at ang pangkat ng IT upang matiyak na ang alinman sa mga Chromebook o partikular at dalubhasang kagamitan ay naihatid sa mga mag-aaral.

Pagtatasa sa Mag-aaral

Alam ko na ang impormasyong ito ay ibinahagi sa inyo noon, nguni't mahalaga na maunawaan ninyo at ng inyong anak ang proseso ng pagtatasa para sa malayuang pag-aaral:

Para sa **mga elementaryang mag-aaral**, ang mga guro ay gagamit ng mga pamamaraan upang matipon ang katibayan ng pag-aaral ng mag-aaral at magbibigay ng makabuluhang puna sa mga mag-aaral sa kanilang progreso. Ang katibayan ng makabuluhang pagpapabuti sa pag-aaral, sa panahon ng pagsasara, ay maaaring isaalang-alang ng guro kapag nagtalaga ng isang huling marka sa isang paksa. Kung hindi man, ang mga mag-aaral sa mga Baitang 1 hanggang 8 ay bibigyan ng mga marka na natamo batay sa kanilang pag-aaral hanggang nagsarado ang mga paaralan nang Marso 13, 2020. Ang lahat ng mga mag-aaral, na nasa Kindergarten hanggang Baitang 8, ay makakatanggap ng isang ulat ng kard ng Hunyo.

Ang mga kalagitnaang-termino (mid-term) na marka ay ipapasok lamang para sa **mga mag-aaral sa Baitang 12** sa Abril 27 upang matugunan ang huling araw ng pag-uulat ng mga marka sa Sentro sa Aplikasyon ng Mga Unibersidad ng Ontario [Ontario Universities' Application Center ([OUAC](#))] at sa Serbisyo sa Aplikasyon ng Kolehiyo ng Ontario [Ontario College Application Service ([OCAS](#))]. Ang mga marka ay magsasalamin ng mga gawaing natapos hanggang Marso 13, 2020 (mula sa simula ng semestre para sa mga naka-semestrong paaralan, o mula sa huling ulat ng panlalawigang kard para sa mga di-semestrong paaralan). Gayunpaman, maaaring tanggapin ng mga guro ang mga nakatakdang takdang-aralin bago ang Marso 13 at maaaring magtalaga sila ng karagdagang takdang-aralin pagkatapos ng Abril 6 upang magbigay ng mga pagkakataon para sa mga mag-aaral na maipakita ang kanilang pag-aaral. Ang mga takdang-araling ito ay isasaalang-alang patungo sa kalagitnaang-termino na marka kung mapapabuti lamang nito ang kanilang Marso 13 na marka.

Para sa **mga mag-aaral sa sekondaryong paaralan**, itatalaga ng mga guro ang mga gawain, mga proyekto at mga humahantong na aktibidad sa panahon ng malayuang pag-aaral at magbibigay ng puna; gayunpaman, ang gawain na ito ay isasaalang-alang lamang para sa mga huling marka kung mapapabuti nito ang marka ng mag-aaral. Kung hindi, ang mga huling marka na isinumite sa Hunyo ay sasalamin sa trabaho na nakumpleto sa Marso 13, 2020.

Naiintindihan namin na ang mga pamilya ay maaaring nag-aalala tungkol sa mga puwang sa pag-aaral na maaaring mabuo sa panahon ng malayuang pag-aaral. Kapag natapos ang panahon ng pagsasara ng paaralan at sa susunod na taglagas, sadya naming lubos na mauunawaan ang mga pangangailangan ng pagkatuto ng bawa't mag-aaral at magbibigay ng naaangkop na interbensyon kung saan kinakailangan.

Ang lahat ng mga mag-aaral ay dapat makakakuha ng pag-aaral sa online o sa pamamagitan ng mga nakalimbag na mapagkukunan. Ang ilan sa mga mag-aaral ay hindi maaaring hindi





nagaganyak na magpatuloy sa pag-aaral dahil sa kung paano tayo nagpapatuloy sa mga marka sa mga susunod na ilang buwan, nguni't hinihiling namin sa mga mag-aaral na manatiling kasangkot sa kanilang pag-aaral kung saanman maaari. Makakatulong ito sa mga mag-aaral kapag makakabalik na tayo sa isang regular na kapaligaran ng silid-aralan at kapaligiran ng paaralan. Kahit na sa pakiramdam ng isang mag-aaral na hindi kayang makilahok sa pagpapatuloy ng pag-aaral sa bahay, hinihiling namin na sila ay manatili pa ring konektado sa kanilang paaralan at makipag-ugnay sa kanilang guro.

Mga Field Trip, Mga Seremonya ng Pagtatapos at Mga Ibang Kaganapan

Marami kaming natanggap na mga katanungan tungkol sa mga paparating na field trip, mga seremonya ng pagtatapos, mga prom at ilang iba pang mga aktibidad. Dahil sa kawalan ng katiyakan tungkol sa mga linggo na parating, ginawa namin ang mahirap na desisyon na kanselahin ang lahat ng mga field trip at magdamag na mga biyahe para sa natitirang taon ng paaralan. Tungkol sa lahat ng iba pang mga aktibidad, tulad ng mga seremonya ng pagtatapos at mga prom, kami ay nagtatrabaho upang kumpirmahin ang mga detalyeng ito sa lalong madaling panahon.

Pangkaisipang Kalusugan at Mga Mapagkukunan

Naiintindihan namin na ito ay isang mapaghamong panahon para sa maraming mga pamilya at ang paghihiwalay ay maaaring makaapekto sa pangkaisipang kalusugan at kapakanan. Kung kinakailangan, mangyaring gamitin ang mahalagang impormasyon tungkol sa tulong sa sarili at mga tagapagbigay ng serbisyo na makukuhasa aming [Mental Health and Well-being \(Kalusugang Pangkaisipan at Kapakanan\)](#) website na pahina. Mahalaga na magtulungan tayo upang matulungan ang ating mga komunidad na manatiling ligtas, kapwa sa pisikal at sa kaisipan.

Susuportahan Namin ang ating Mga Pamilya

Nais kong palakasin kung gaano ko pinahalagahan ang inyong pakikipagtulungan at pasensya. Salamat sa inyong patuloy na suporta at pangako sa edukasyon ng inyong anak at sa edukasyon ng lahat ng mga mag-aaral sa Toronto District School Board. Alam namin na magkakaroon ng mga kahirapan at mga pag-aayos sa daan, nguni't malalampasan natin ang mga hamong ito. Ang pinakamahalaga ngayon ay ang manatiling ligtas kayo at ang inyong pamilya sa mahirap na panahong ito.

Kung mayroon kayong anumang mga katanungan, mangyaring mag-email nang direkta sa guro ng inyong anak. Kung kinakailangan ang karagdagang tulong, mangyaring makipag-ugnay sa punong-guro ng paaralan. Kung mayroon kayong tanong na may kaugnayan sa paaralan, nguni't walang email, mangyaring tawagan ang inyong paaralan, mag-iwan ng mensahe at may tatawag sa inyo sa lalong madaling panahon. Kung mayroon kayong tanong na may kaugnayan sa sistema, mangyaring mag-email sa inyong superintendente. Kung wala kayong email, mangyaring tawagan ang inyong [Superintendent's Office \(Opisina ng Superintendente\)](#), mag-iwan ng mensahe at may tatawag sa inyo sa lalong madaling panahon. Para sa impormasyon ng kontak ng inyong paaralan, mangyaring bisitahin ang [Find Your School \(Hanapin ang Inyong](#)



[Paaralan](#)) na pahina sa web. Tulad ng dati, para sa mga pinakahuling pagbabago, mangyaring bisitahin ang [website](#) ng TDSB.

Muli, mangyaring alagaan ang inyong sarili at ang inyong pamilya.

Nang matapat,

A handwritten signature in black ink, appearing to read 'John Malloy'.

John Malloy
Director of Education

